



Guillain-Barre Syndrome

Ang bihirang nyurolohikal na diperensyang ito ay nakakaapekto sa humigit-kumulang 3,000-6,000 tao sa Estados Unidos taon-taon. Karamihan sa mga indibidwal ay aumagalina nang walang mga panamataalang komplikasyon.

T: Ano ang Guillain-Barre Syndrome (GBS)?

Nagsisimula ang Guillain-Barre syndrome kapag sinalakay ng immune system ang mga nerbiyos ng katawan, na nagdudulot ng panghihina o pagkaparalisa ng kalamnan.

T: Ano-ano ang sintomas ng GBS?

Kabilang sa mga sintomas ng GBS ang panghihina at mga pakiramdam ng pangigingil na maaaring maganap sa loob ng ilang oras, araw, o linggo, at karaniwang nagsisimula sa mga binti at kumakalat sa mga biyas sa itaas na bahagi ng katawan. Maaari ding makaranas ang mga indibidwal ng dobleng paningin, mahirapan sa pagdumi at sa pagpigil sa ihi, at mga pananakit na tila pamimitig na mas malala tuwing gabi. Maaari ding maapektuhan ng mas huminang kalamnan sa mukha ang kakayahang ngumuya, lumunok o magsalita.

Ang malulubhang kaso ng GBS ay maaaring magdulot ng pagkaparalisa at pagpalya ng paghinga. Maaaring napakabilis na lumala at tumindi ang mga sintomas. Ang maagang pagtukoy at paggamot ang nagdudulot ng pinakamainam na mga resulta. Agad na magpatingin sa doktor kung nagsisimulang kumalat ang panghihina at mga pakiramdam ng pangigingil paitaas ng buong katawan.

T: Ano ang sanhi ng GBS?

Hindi ganap na nalalaman ang sanhi ng GBS ngunit pinaniniwalaang nagmumula ito sa ilang iba't ibang salik. Ayon sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC), mga dalawa sa kada tatlong taong napag-alamang may GBS ay dumanas ng pagtatae o sakit sa panghinga, ilang linggo bago magkaroon ng mga sintomas ng GBS. Maaari ding mauna sa GBS ang pagkakaroong ng mga virus, kabilang ang influenza. Sa bihirang pagkakataon, nagkaroon ang mga tao ng GBS matapos makatanggap ng ilang uri ng bakuna. Subalit,

mahalagang maunawaan na mas malaki ang pakinabang ng pagpapabakuna kaysa sa mga panganib: ipinapakita ng mga pag-aaral na mas malaki ang posibilidad ng pagkakaroon ng GBS pagkatapos magka-influenza kaysa pagkatapos makapagpabakuna laban sa influenza.

T: Paano natutukoy ang GBS?

Ang mga sintomas ng GBS ay katulad ng sa ibang sakit, kabilang ang transverse myelitis at multiple sclerosis. Maaaring makompirma ng mga doktor ang pagtukoy sa GBS gamit ang electromyography (mga pagsusuri sa nerve conduction na nagtatala sa elektrikal na aktibidad ng kalamnan), magnetic resonance imaging (MRI), at lumbar puncture upang maanalisa ang likido sa paligid ng spinal cord at utak.

T: Paano ginagamot ang GBS?

Dahil maaaring mabilis na lumala ang GBS, ang mga pasyenteng napag-alamang may ganitong sakit ay kaagad na ipapasok sa opistal at bibigyan ng given intravenous immunoglobulin, at posibleng susundan ng plasma exchange. Ang mga taong hindi makakain ay tatanggap ng pagkain sa intravenous na paraan; kung may problema sa paghinga, maaaring kailangan ang tulong ng ventilator.

T: Gagaling ba ako sa GBS?

Maaaring tumagal ang mga sintomas nang ilang buwan hanggang sa ilang taon. Karamihan sa mga tao ay gagaling, ngunit ang iba ay daranas ng pangmatagalang panghihina ng kalamnan at pinsala sa mga nerbiyos.

T: Mga mga klinikal na pagsubok ba para sa GBS?

Oo. Para malaman ang kasalukuyang mga klinikal na pagsubok para sa Guillain-Barre Syndrome bisitahin ang ClinicalTrials.gov (<https://www.clinicaltrials.gov/ct2/home>), isang mapaghahanapang website para sa pampubliko at pribadong sinusuportahang mga klinikal na pag-aaral na pinananatili ng National Library of Medicine sa National Institutes of Health.

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon: Merck Manuals, Centers for Disease Control and Prevention, National Institute for Neurological Disorders and Stroke, U.S. National Library of Medicine.

Gusto mong may makausap?

Ang aming Information Specialist ay available na sagutin ang iyong mga tanong. Tumawag ng toll-free 1-800-539-7309 Lunes hanggang Biyernes, 7 am-12 am EST.

Mag-schedule ng tawag o magtanong online sa

<https://connect.paralysis.org/tl/send-us-your-question>

Ang impormasyong nilalaman ng mensaheng ito ay ipinapakita para sa layunin ng pagtuturo at pagbibigay impormasyon sa iyo tungkol sa paralysis at mga epekto nito. Walang anumang nilalaman sa mensaheng ito ay dapat pakahulugan ni hindi nilalayon na gamitin bilang medikal na diagnosis o paggagamot. Hindi ito dapat pumalit sa payo ng iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider. Kung mayroon kang mga tanong na may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan, mangyaring tawagan o magpatingin sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider kaagad. Parating magpakonsulta sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider bago magsimula ng bagong treatment, diet o fitness program. Hindi mo kailanman dapat di pansinin o patagalin ang mga ito dahil sa isang bagay na nabasa mo sa mensaheng ito.

Ang publikasyon na ito ay sinusuportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng pinansiyal na tulong na may total na \$10,000,000 na may 100 porsiyentong pagpopondo ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay iyong mula sa (mga) may akda at hindi nangangahulugan na opisyal itong mga pananaw, ni hindi pag-endorso, ng ACL/HHS, o ng Gobyerno ng Estados Unidos.